

1

akad-takbo na naman si Seven nang umagang iyon. Paano ay late na naman siya sa trabaho. At sa kamalas-malasan pa ay biglang bumuhos ang malakas na ulan. Napapalatak siya. *Kapag ipinanganak ka nga namang malas, o!*

Mabilis niyang iginala ang mga mata para maghanap ng maaaring masilungan. Napasigaw siya sa sobrang inis nang makitang tanging isang waiting shed na higit sa limampung hakbang pa ang layo mula sa kinaroroonan niya ang maaari niyang puntahan. Walang nagawa, tumakbo na lamang siya patungo roon.

“Ako na talaga ang malas! Ako na!” bulong niya habang pinapagpag ang tubig ulan na kumapit sa basang katawan. Napatingin siya sa suot na relong-pambisig. Alas siete kinse na. Sa madaling salita ay kailangan na niyang tanggapin na pihadong makakatikim na naman siya ng talsik-laway lecture mula sa amo niyang Instik.

She sighed. Bakit kasi malas na nga siya, makakalimutin pa siya! Sa dami ng malilimutan ngayon, payong pa ang nalimutan niya. Thanks to that perfect combination, makakatikim na naman si Seven ng sermon de leche sa umaga! Napatingala siya sa makulimlim na langit.

“Lord naman, hindi ba kayo naaawa sa akin? Kelan



ninyo ako bibigyan ng swerte sa buhay? Kahit na papanalunin lang ninyo ako sa lotto o kaya ay bigyan ng mabait na amo.”

Dahil siya, si Seventina Dimaguiba, ay katibayan na nag-e-exist talaga ang “malas” sa mundo. Kung paramihan lang naman ng kamalasan sa buhay ang labanan ay tiyak na panalo na siya. Ang kaso, dahil nga sa malas siya, walang ganoong paligsahan.

“Walanghiyang ulan ‘to, o! Hindi ka ba talaga titigil? Aba’y baka hindi na sermon ang lumabas sa malaking bunganga ni Misis Ong kundi apoy na! Naku naman, patay ako nito.”

Sinipat niya ang paligid. Malakas talaga ang buhos ng ulan. Hindi naman siya makatakbo papunta sa kabilang waiting shed dahil baha sa kalsada. Siguradong babahain na ang bag niya bago pa man siya makarating sa kabilang kanto kung naglakad siya papunta roon. Mailap kasi ang taxi sa kinalulugaran niya dahil medyo malayo iyon sa main road.

Napapikit si Seven. Hindi maaaring mabasa ang bag niya dahil naroroon ang lahat ng mga gamit na kakailanganin niya para sa trabaho. Naroon ang kanyang makeup kit! Oo, makeup kit. Hindi dahil sa kikay siya kaya mayroon siya niyon, kundi dahil iyon ang buhay niya bilang isang party clown.

Naroroon din sa loob ng mala-sakong bag niya ang lahat ng costume at kung anik-anik na gamit para sa mga magic tricks na madalas niyang ipamalas sa mga bata sa bawat children’s party na pinagbibidahan niya. May colored polka dotted jumpsuit siya, mga colorful wigs at

McDonald shoes. Dahil nga mahilig siya sa magic tricks, doon napadpad ang blossoming career niya. Dati ring magician ang yumao niyang ama.

Naisip na naman niya si Mrs. Ong, ang mala-balyena niyang amo. Siya ang paborito nitong tinatalakan at pinagbabantaang tatanggalin sa trabaho dahil sa pagiging late. Kung hindi lang mas malaki ang sahod sa pagiging party clown ay matagal na niyang iniwan ang trabahong iyon. *Buhay nga naman, pera-pera lang talaga.*

Wala sa loob na napauupo na lang si Seven. Kasabay ng pag-upo niya ay ang mariin siyang napapikit dahil imbes na matigas na semento ay isang malambot na bagay kasi ang sumapo sa puwet niya.

“Diyos ko naman. Sana po ay hindi tama ang iniisip ko,” piping daing ng isip niya.

Dahan-dahan siyang tumayo. Gaya ng inaasahan ay biyaya sa mga langaw nga ang pumagkit sa puwet niya. Nandidiring ikiniskis niya ang puwet sa kanto ng upuang dumale sa kanya.

Nakakadiri! Nakakadiri! Kung sino ka mang pusang gala, asong ulol o halimaw sa banga kang umebak dito sa upuang ito, isinusumpa ko, magsasara ang butas ng puwet mo ngayon din!

Nasa ganoong ayos siya, nakapikit at nakatingalang nagkikiskis ng puwet sa gilid ng sementadong upuan, nang biglang may dumaang isang grupo ng mga kabataan na may dalang kani-kaniyang payong. Nakauniporme ang mga ito at mukhang papasok pa lang sa eskwela. Kitang-kita niya ang panghihilakbot ng mga ito nang mabistahan ang ayos niya.



Namumula ang mukhang napa-peace sign siya sa mga ito. Magkahalong nandidiring tingin at natatawang mga ngisi ang ipinukol ng mga ito sa kanya. Hindi niya napigilan ang bulyawan ang mga ito. “Magsilayas nga kayo rito! Mga green minded!”

Isang maugong na tawanan ang isinagot ng mga kabataan bago lumayas sa harapan niya. *Mga walanghiya kayoooo! Inosente ako!* “Isinusumpa ko talaga ang araw na ito! Isinusumpa ko!” parang batang maktol ni Seven.

Inis na muli niyang sinipat ang relong-pambisig. Siguradong paglalamayan na siya sa shop mamaya. Patay siya kay Misis Ong. Napangiwi siya sabay napatakip ng ilong nang malanghap ang nakakasulasok na amoy na nagmumula sa puwetan niya.

Wala siyang nagawa kundi hintayin ang pagtila ng ulan. Mag-iisip na lang siya ng palusot o pagpapaawa sa amo niya mamaya. Matapos ang halos isang oras ay muli siyang napatingala sa langit. Bagaman makulimlim pa rin ay tumila na ang pagbuhos ng ulan.

Sana naman dito na magtapos ang kamalasan ko.

Tinatamad na isinukbit niya ang malaking bag sa balikat at nagsimulang lisanin ang waiting shed. Ngunit hindi pa man siya nakakalayo mula roon nang bigla na lamang siyang matalamsikan ng malamig, mabaho at nangingitim sa putik na tubig-baha! Awang ang labing napatigil siya sa paglalakad sa gilid ng kalsada.

Nanggigigil na napatingin siya sa itim na *Land Cruiser* na humimpil sa mismong tapat niya. Nakaungos na ito kanina mula sa kinatatayuan niya ngunit umatras ito pabalik sa kanya. Dahil doon ay naulit ang

pagtilamsik ng tubig-baha sa basang-basa na niyang katawan.

Napasigaw siya sa sobrang inis.

“A-are you okay?” nag-aalalang tanong ng lalaking parang anghel na umibis mula sa napakagara nitong sasakyan. Bigla siyang nakaramdam ng pag-iinit ng mukha. Sa tanang buhay niya ay noon lamang siya naengkanto nang ganoon. Sa sobrang kagwapuhan nito, pakiramdam niya ay nalulon niya ang sariling dila. Hindi siya makaapuhap ng pwedeng isagot.

Siya na ba? Siya na ba ang ipapalit ko kay Brad Pitt sa puso ko?

“A-ahm...” Hindi agad siya nakasagot rito. Why, she was trembling like a teen. Parang ngayon lang siya nakakita ng pogi. Pa-cute na inayos niya ang bangs na tumabing sa kanyang kaliwang mata. *Ang landi mo, Seventina!*

“I’m sorry, Mister, hindi ko sinasadya. Wala akong kasalanan kung minalas ka’t napadaan itong kotse ko sa lubak habang naglalakad ka sa tabi ng kalsada. This is totally not my fault.”

Naglahong parang bula ang kilig niya dahil sa paliwanag nito. Sukat ba namang ipamukha sa kanya ang pagiging malas niya? At tinawag siya nitong “mister”? Her eyes narrowed and her lips furiously pursed. Kumuyom ang kamao niya na tila ba handa na ang mga iyon na bangasan ang pagkagwapo-gwapong mukha ng lalaki.

“Okay na sana ang pagso-sorry mo eh, pero bakit dinagdagan mo pa ng paninisi sa kamalasan ko?” tiim-



bagang na sikmat niya.

“Oh,” bulalas nito. Kitang-kita niya ang matiim na pagtaas-baba ng tingin nito sa kabuuan niya bago bumalik sa mukha niya ang mga mata nito. “You should be honored. Alam mo bang ngayon lang ako nag-sorry sa iba?”

“Hindi ka rin mayabang sa lagay na iyan ano?”

He shrugged. “I would have asked if you needed a ride, pero...” Tiningnan nitong muli ang hitsura niya bago napangiwi. Napailing din ito at napakunot ang ilong nang marahil ay maamoy ang naupuan niya kanina. Hindi niya napigilan ang mamula.

Nakuha agad ni Seven ang ibig nitong sabihin. Kaya sa halip na mahiya ay mas pinili niya ang magalit sa pangmamata nito sa hitsura niya. *Hari ng yabang!* Ginaya niya ang ginawa nito. “Excuse me, kung mag-alok ka naman, hindi rin ako papayag na sumama sa ’yo.”

“And just what do you mean by that?” kunot-noo nitong tanong.

“Read between the lines.”

Tumalim ang tingin nito. “Sinasabi mo bang masamang tao ako?”

“Hindi ako ang nagsabi niyan, ikaw,” nakangising sagot niya. Kahit na sa pang-aasar man lang rito ay makabawi siya. Dagling nabura ang ngisi niya nang walang sabi-sabi siyang hinawakan ng lalaki sa braso bago pinagmasdan ang mukha niya. “H-hoy! A-ano’ng ginagawa mo?”

“Hindi mo ba ako kilala?” May galit sa boses nito.

“H-hindi! Kaya bitiwang mo ako!”

“Dapat kilalanin mo muna kung sino ang binabangga mo. I never let people mess with me and get away with it.”

“H-hindi kita–” Napasinghap siya nang bigla siya nitong isandal sa nakaparadang kotse nito. He crossed his arms in front of his chest and threw her a threatening look. “H-hoy! A-ano ba’ng problema mo?” natatarantang tili niya.

Hindi ito sumagot, bagkus ay napangisi lang. Kahit na makalaglag-panty ang ngisi nito ay hindi pa rin niya nakuhang i-appreciate iyon dahil noon niya nabatid na tinatakot lamang siya nito. He was playing with her. Tila enjoy na enjoy itong nakikitang natataranta siya.

Seven couldn’t believe that such a man really existed. May mga tao talagang sing-taas ng boses ni Regine Velasquez ang pride na gagawin ang lahat mapanatili lang ang tayog niyon. *Pride? Talk about pride!* Ito na nga ang may kasalanan, ito pa ang may ganang umakto ng ganoon sa kanya? Huwag nitong masabi-sabing mayaman ito kaya may karapatan na itong gan’un-gan’unin siya! Ipapakita niya rito kung sino sa kanilang dalawa ang hindi dapat pinaglalaruan.

“You should know whom you can mess with and whom you should not,” babala nito.

“I know.” She gave him a saccharine smile. “Pero mas tama yatang ako ang nagsasabi niyan at hindi ikaw,” aniyang mabilis na ipinadyak ang mga paa dahilana para tumilamsik ang tubig-baha sa pagitan nila. She had nothing to lose. Basa na rin naman siya.

Napamurang napaatras ang lalaki palayo sa kanya.



“What the—?!”

“Ito ba ang ipinagmamalaki mong kotse?” Binuksan niya ang pinto niyon saka isinipa nang malakas ang kanyang paa. Pumasok sa loob ng kotse ang mas madami pang tubig-baha na may kasama pang putik. “Ayan, sobrang linis na.”

“You little—!” bulyaw nito.

Sumigaw siya at may itinuro sa likuran nito. “Dali, mga kakosa! Nandito ako! Bugbugin natin ang kolokoy na ito!” Napangisi siya nang bumaling ang lalaki sa direksyong itinuro niya. “Naniwala, tanga!” natatawa niyang itinulak ito.

Natumba ito at napalublob sa tubig-baha. Bago pa ito makatayo ulit, mabilis na siyang tumakbo palayo.

“Next time, dude, piliin mo ang aasarin mo!” tawa niya nang iwan ang lalaking nagngingitngit sa inis.

“Wait till I get a hold of you! Hinding-hindi kita pakakawalan sa oras na mahuli kita! You’re gonna pay for this! Big time!”

“Tutubuan muna ng buhok si Bembol Roco at puputi muna si Obama bago mangyari na mahuli mo ako. *Hasta la vista, baby!*”

Mas binilisan pa ni Seven ang pagtakbo. Tiyak na hindi na siya nito mahahabol. Ipuusta niya ang sariling buhay na uunahin muna nitong ayusin ang sarili—na basang-basa sa tubig-baha—bago ang habulin siya. Sa lahat ng mga naging kamalasan niya sa buhay ay ngayon lamang siya nag-enjoy na tulad ngayon.

Damay-damay na ‘to!

2

“Ikaw ubos aking pasensya. Ikaw layas aking halapan. Sesante ka na!”

Awtomatikong napaawang ang kanyang mga labi nang marinig ang welcome message ni Mrs. Ong sa kanya. Halos sakalin niya kanina si Manong Driver para lang bilisan ang pagpapalipad...este pagpapaandar ng taxi nito, pero ano itong naririnig niya?

“Eh, Madam, hayaan ninyo naman po akong magpaliwanag.”

“Paliwanag? Ayoko dinig iyo paliwanag! Pala saan pa?” matigas nitong saad.

Kasalanan itong lahat ng ungas na iyon e! Kung hindi na sana ito dumaan kanina eh di sana may naisip pa siyang mas magandang palusot! Naiiritang napakamot na lang siya sa ulo. Mukhang kahit pa pukpukin niya ng hollow block sa ulo ang boss niya ay hindi na magbabago ang isip nito.

“Baka naman pwedeng makahingi ng separation pay na lang? Ano kasi, ngayon ako magbabayad ng upa ko sa bahay. Iyong sasahurin ko sana sa raket na ‘to ang ibabayad ko. Baka pwede nating pag-usapan ‘to,” kapal-muks na aniya.

“Hindi! Wala na tayo dapat usap pa!”

Nanghihingi ng saklong napatingin si Seven sa

mga kasamahang tahimik lang sa isang sulok habang pinapanood sila. Nakita niyang napakamot sa ulo si Jacko, ang pinakamalapit niyang kaibigan mula noong tumapak siya ng Maynila. Kapit-bahay din niya ito.

“Eh, madam, baka pwede mo namang pagbigyan iyang si Seven. Isasama ko siya sa raket ko mamaya,” biglang singit ni Jacko.

Nakita niya ang pagniningning ng singkit na mga mata ni Mrs. Ong. Hindi tago sa kanila ang lihim na pagnanasa nito sa macho-gwapito niyang kaibigan. Si Jacko ay isang party organizer. Bukod sa gwapo ay matalino rin ito. At higit sa lahat ay nabiyayaan ito ng masining na utak kaya patok na patok sa mga customers ang mga pakulo nito.

“Jacko, hindi ikaw alam gawa ng babaeng ito. Lagi siya late trabaho. Siya bigay malas negosyo ko,” pa-cute na ani Mrs. Ong. Napangiti siya sa nakitang epekto ng charms ni Jacko pero agad ding napawi iyon nang bigla siyang balingan ng babae at pinukol ng isang matalas na tingin.

“I’ll take her with me. Katatawag lang ni Jericho. Hindi raw siya makakarating ngayon. Kesa naman mapahiya tayo sa kliyente natin, eh di si Seven na lang ang kukunin ko. How about that?” Binigyan ni Jacko ang balyenang Instik ng pamatay nitong ngiti.

Si Jericho ay isa sa mga pinakamahusay na clown magicians sa *Party Heaven*—ang shop ni Mrs. Ong. Bukod rito ay siya na lang ang available na clown magician para sa araw na iyon. Kaya sa ayaw at sa gusto ng boss nila ay kailangan nitong pumayag na isalang siya

sa party.

Saglit na nag-isip ang amo nila.

“Biglaang nagkasakit si Jericho eh. Kabilin-bilinan ng customer natin na gusto nila ng clown magician. Naka-book lahat ng pwede kong isama, liban dito kay Seven,” giit ni Jacko.

“Sige na nga! Ako payag na. Pelo ito na huli alaw mo! Sesante ka na talaga. Ayoko malas negosyo ko. Pasalamat ka kay Jacko, siya dahilan kaya ako awa sa ‘yo.” Tinalikuran sila ni Mrs. Ong.

Mabilis niyang sinugod ng yakap si Jacko nang makaalis ang amo.

“Walanjo! Ikaw na talaga, Jacko, ikaw na! You’re my knight in shining armor! Nakakagigil ka!” Tuwang-tuwang pinagkukurot niya ang makinis na pisngi nito.

“Tigilan mo nga ako. Pasalamat ka’t tumalab ang alindog ko kay Mrs. Ong.” Gumanti rin ito ng kurot sa pisngi niya. “Ang dami mo nang utang sa gwapong kabitbahay mo.”

“Inililista mo talaga?” Kumalas si Seven mula sa pagkakayakap rito. “Pero lagot tayo kay Jericho kapag nalaman niyang isiningit mo ako sa lakad ninyo.”

“Totoong nagkasakit si Jericho. Kanina pa nga kami problemado eh. Buti na lang at minalas kang na-late ngayon.”

“Loko!” Nakisabay siya sa tawa nito. “Swerte ninyo kasi hindi kayo malilintikan, pero malas ko dahil last day ko na ito.”

“Huwag kang mag-alala. Susubukan kong kausapin ulit si Madam.”

“Huwag na. Baka mamaya niyan pagselosan ka ulit ng asawa ng Intsik na iyon. Kargo de konsiyensya pa kita.”

“Basta, ako’ng bahala. Teka nga, ano ba’ng nangyari sa ‘yo? Bakit ganyan ang amoy mo?”

Biglang nalukot ang ilong niya sa tanong ng kaibigan. “Ay naku, huwag mo nang ipaalala. Naiinis lang ako lalo.” Nakasimangot na iniwan niya ito at diretsong tinungo ang banyo para maligo.



“Ang gara dito, tsong!” namamanghang bulalas ni Seven nang makita ang kabuoan ng mansiong pinuntahan nila.

“Parang palasyo ‘no?” nakangiting ani Joe. Isa ito sa limang clowns na kinuha ng kliyente nila, ang mga Montezes. Sabi ni Jacko ay mayaman daw talaga ang pamilyang iyon.

“Kung ako siguro ang nakatira dito, malamang lagi akong may suot na tiara,” natatawang aniya.

“Sus! Hindi bagay sa ‘yo ang maging prinsesa,” kantiyaw ni Jacko. Inis na binatukan niya ito.

“Loko! Pang-reyna pa nga ang beauty ko ‘no.”

“Reyna? Eh mas mukha ka pang prinsipal dito kina Joe eh.”

“Kasalanan ito ng baklang iyon! Kuuuh! Naalala ko na naman siya. Lintek na iyon! Tama bang sunugin ang buhok ko? Rebond ang sinabi ko, pero tingnan mo ‘tong ginawa niya sa buhok ko,” naiiyak na aniya.

Noong nakaraang linggo lang ay naisipan niyang magpaunat ng buhok. Hindi naman sa pangit ang

mahaba niyang buhok, nainggit lang si Seven sa buhok ni KC Concepcion sa commercial nito sa TV kaya naisipan niyang magpa-salon.

Pero dahil sa kakuriputan niya, napadpad siya sa isang mumurahing parlor sa Cubao. At ayun nga ang nangyari, imbes na mag-ala KC ang buhok niya sa ganda, naging ala prinsipeng tuloy siya sa gwapo. Paano'y kinailangan niyang pagupitan nang maiksi ang buhok niya dahil nasunog ang bandang dulo niyon. Madalas na tuloy siyang pagkamalang tomboy ng mga nakakakita sa kanya. Mabuti nga at bumagay pa rin sa kanya ang buhok niya. Kung nagkataon, malamang ay nalitson na niya ang baklang iyon.

“Okay lang ‘yan, dude. Ang gwapo mo naman eh.” Inakbayan siya ni Jacko.

“Sa sobrang gwapo ko, pati mga bading kinikindatan na ako.”

Pati siya ay nahawa na sa tawanan ng mga ito. Nagkataon pang mahilig siyang magsuot ng loose t-shirts at maong pants na lagi niyang tiniternuhan ng sneakers. Payat din siya at pinagkaitan ng bumper sa harapan kaya mas lalong naging swak ang pagiging ‘gwapo’ niya. Sabi nga nina Jacko, mukha raw siyang high school heartthrob.

“Iyon na nga ang nakakasama ng loob eh. Tinalo mo pa ang kagwapuhan ko,” ani Joe.

“Hoy, Mr. Suave, tigil-tigilan mo ako ah. Baka hindi kita matantiya at mabunot ko iyang bigote mo. Mauna na nga ako sa inyo! Tinatawag na ako ng kalikasan,” paalam niya.

“Magtanong ka sa mga chikababes na katulong nang hindi ka maligaw diyan,” bilin ni Jacko. “Bilisan mo ha? Maglalagay ka pa ng makeup. Mag-uumpisa na tayo mayamaya lang.”

“Huwag kang mag-alala, may load ang cellphone ko. Ite-text kita kapag nawala ako,” natatawang aniya. Madalas kasi siyang maligaw. Ipinanganak siyang walang sense of direction at mas lalong walang bahay na may maraming pintuan kaya madalas mangyari iyon sa kanya.

Hindi naman siya nahirapang hanapin ang banyo. Pero pipihitin na lang ni Seven ang doorknob nang bigla siyang makarinig ng mahinang kaluskos. Biglang nabuhay ang katawang tsismosa niya. Ayaw man niya ay mataman niyang pinakinggan kung saan nagmumula ang ingay na iyon. Dahan-dahan siyang naglakad patungo sa pinagmumulan ng ingay.

Bahagya siyang nagtago sa gilid ng pintuan nang may makitang lalaki. Pinasadahan niya ito ng tingin, may kausap ito sa telepono. She could only see his profile but she studied him anyway. His dark brown eyes were piercing, yet they were so glisteningly captivating. His chiseled nose was so perfect as if it had been carved by a great sculptor. And his lips... they were the sexiest and most seductive pair of lips she had ever laid her eyes on. Natural na natural ang pagka-pouty niyon. Mas pula pa yata iyon kesa sa ilong ni *Rudolf*.

Tapos, para bang nangangako ang mga labing iyon ng isang gabing punung-puno ng kasiyahan. *Uh-oh*. Para siyang tinadyakan ng kabayo sa dibdib nang mamukhaan ito—ang lalaking nilublob niya sa tubig-baha kanina! She

swallowed hard. Kahit gusto na niyang umalis mula sa pinagkukublian ay hindi niya magawa. Hindi niya alam kung bakit.

Nyay! Muntik na siyang kumaripas ng takbo nang biglang dumapo sa kanya ang malamig na tingin nito. Muli siyang napalunok. Bigla siyang napako sa kinatatayuan. Kaya naman kahit na noong naglakad ang lalaki palapit sa kanya ay hindi niya nagawang gumalaw man lang.

“It seems like fate has brought you back into my arms again.” Mapanganib ang matalim na boses ng lalaki. Tatlong beses at halos sunud-sunod na lunok ang naging sagot niya sa tanong nito.

“Too speechless to see me, honey? You do know that eavesdropping is a crime.” He stopped right in front of her. Naging mabalasik ang anyo nito. Humalukipkip ito at matamang hinintay ang reaksyon niya.

“W-wala akong narinig, promise,” nanlalamig na sagot niya. Natakot yata siya.

“Defensive?”

“Bahala ka! Kung ayaw mong maniwala, eh di huwag!”

Tiningnan siya nito ng pailalim. Seven thought she saw a glint of amusement in his eyes, though she couldn't be sure. Mabilis lang kasi iyon bago bumalik ang panlilisik ng mga mata nito.

“Are you a stalker?”

“S-stalker?” Hindi niya alam kung matatawa o ano.

“Hindi ako pumapatol,” ismid nito.

“Ako, pumapatol. Nananapak ako ng mga

mayayabang!” Tumalim na rin ang tingin niya rito. He was getting on her nerves again.

Nakita niya ang pagtaas ng kaliwang kilay nito. Tinapatan niya iyon sa pamamagitan ng paghalukipkip. Muli niyang pinasadahan ng tingin ang lalaki. This time, he was wearing a black polo that molded perfectly to his virile physique. Ano na kaya ang nangyari sa suot nitong puting polo shirt at black jeans kanina?

“Sinusubukan mo talaga ako ha?” Halatang nainis ito nang makitang napangisi siya. Mukhang nahulaan nito ang iniisip niya lalo’t napasulyap siya sa suot nito. Muli nitong inangat ang telepono at nag-dial. Mayamaya’y may kausap na ito sa kabilang linya.

“May nakita ako ritong...” Tumigil ito sa pagsasalita para muli siyang pasadahan ng tingin.

Hindi niya naiwasan ang pamulahan ng mukha dahil sa ginawa nito. Pakiramdam kasi ni Seven ay para itong may laser eyes at X-ray vision habang tinitingnan siya. Kasunod ng pamumula ng mukha niya ay ang pagkunot ng noo nito. He gave her a prying look.

“Hindi ko alam kung lalaki, babae, bakla o tomboy ito. Paano ‘to nakapasok dito? Damputin n’yo ‘to at itapon sa labas!”

Itapon talaga? Pero hindi iyon ang mas pinagtuunan niya ng pansin. Doon siya tumutok sa pagkalito nito sa kasarian niya. Hindi ba talaga halatang babae siya?! *Haller! Tinawag ka na kaya niyang “mister” kanina?* Dati-rati, sinisipulan siya ng mga tambay sa kanto at kinakahulan ng mga lalaking aso, pero ngayon, pinagdududahan na ang beauty niya? *O, hindee!*

“Damputin talaga?” she cheekily asked.

“I’m throwing you out of my house.”

Paano na? Hindi naman siya pwedeng mapalayas ngayon dahil kelangan niya ang sasahurin niya sa raket na ito para pambayad ng upa. Kelangan pang magpabida ni Seven The Clown mamaya!

“Pero—” simula niya para magpaliwanag.

“Shut up,” asik nito. “Lalayas ka na ba o hihintayin mo pang damputin ka talaga ng security?”

“Ang yabang nito! Ano ako, basura para ipatapon mo sa labas?” She clenched and unclenched her fists. Talagang nagtitimpi na lang siya sa isang ito.

Nang umismid ito, napuno na siya. Mabilis siyang lumapit dito pagkatapos ay mabilis niya itong tinuhod doon sa “the zone”. Napaigik ito sa lakas ng pagkakatuhod niya at kumaripas na siya ng takbo.

“Dammit! Bumalik ka rito! Security! Get her, quick!” narinig pa niyang sigaw ng galit na galit na lalaki habang sapo ang “yaman” nitong tinuhod niya. Mas binilisan niya ang pagtakbo. Kapag naabutan siya nito, tiyak na mata lang niya ang walang latay!

3

“Hoy, bakit ang tagal mo? Akala ko umuwi ka na ng Vigan eh,” bungad ni Jacko sa kanya.

“Sorry naman, dude, pero ang korni ng banat mo!” Siniko niya ito. “Naglagay pa kasi ako ng makeup. ‘Saka may nakausap akong weirdong mama kanina.”

“Tama na iyang tsismisan,” singit ni Joe. “Malapit nang mag-umpisa ang party.”

“Oo na!” halos magkapanabay na sagot nila ni Jacko.

Mayamaya ay handa na siya. Hindi na siya si Severtina, kundi si Seven the Clown, an *Auguste* clown. Siya ang paboritong clown ng mga bata dahil sa nakakatuwa niyang jokes at sa pagpapakengkoy niya na may kasamang magic tricks.

She had become the impish and gregarious clown who thrived on slapstick. Her actions were intentionally big, clumsy and awkward. Her highly colorful makeup added more to her character. She painted her eyes and around her mouth with white makeup, lining those areas with orange and yellow to emphasize and accentuate them, giving her a wide-eyed expression and a more cheerful look. She also had a large, red nose.

She was also already wearing an oversized jumpsuit made with patches of colorful cloth with plaids, stripes, polka dots, and checkered prints, as well as solid colors.

“Tailor’s nightmare” ang tema niya bilang isang clown.

Siya lang din sa mga lady clowns sa shop nila ang nagpe-perform ng magic tricks. Kung hindi lang talaga siya pinagseselosan ni Mrs. Ong, malamang ay hindi siya basta-basta na lang palalayasin sa trabaho. Ayun na naman ang linyang iyon—ang malas niya kasi.

Seven surveyed the place. Naroon sila sa maluwang na hardin ng mansion. Napakaganda ng pagkakaayos sa stage kung saan sila magtatanghal. Napangiti siya. At least, kahit na huling raket na niya iyon ay bongga naman.

“Let’s do this!”

Inayos niya ang suot na pulang wig bago kinuha ang mic at matapang na nagpunta sa harapan ng mga batang kanina pa excited na manood sa kanila.

The moment she came out on the stage, the children went wild. Isang nakabibinging palakpakan at tawa ang sumalubong sa kanya. One thing she loved about her job was that it always gave her the feeling of fulfillment. Para bang kahit na iniisip ng iba na mukha siyang tanga sa harapan ng maraming tao ay wala siyang pakialam. Dahil ang importante sa kanya ay ang makapagpasaya ng mga bata kahit sandali lang. O, di ba? Wagi ang drama niya! Sa mga ganoong pagkakataon ay hindi niya na naiisip ang salitang *pera*.

Pero after the show, malamang na maisip niya ulit iyon. *Hah!*

“Good afternoon, kids! Are you ready?” bati ni Seven.

“Yes!” tuwang-tuwang sigaw ng mga ito.

Nilingon niya ang mga kasama. Naghahanda na rin ang mga ito na magpakitang-gilas. Sinenyasan niya si Joe na patugtugin na ang background music nilang *Kung Fu Fighting*. Nang magsimulang tumugtog ang kanta ay nagsimula na rin ang program nila.

Umarte sila ng mga kasamahan sa harapan ng isang itim na tela. Siya ay kunwaring naghahanap ng mga kasamahan, habang tinataguan naman ng mga ito. The children laughed out loud at their goofy antics. Nahihya kunong napakamot siya sa ulo at kumaway sa mga bata.

Nang matapos ang intro ay lumabas mula sa itim na tela ang mga kasama niyang clowns. Sinabayan nila ang kanta sa pagmamagitan ng paggawa ng mga kung fu moves. Hindi matapos-tapos ang tawanan ng mga bata habang nagpapatumbalelong silang lima sa stage dahil puro mali ang mga kung fu moves nila.

Mayamaya isang party song ang sumunod na tumugtog. It was time for her tricks. Iniabot ni Joe ang tatlong iba't ibang kulay na bote sa kanya. When she started juggling, the kids went into an uproar. She felt proud. Pero biglang napalis ang ngiti ni Seven nang mapansin ang batang nakaupo sa gitna na hindi man lang mangiti sa ginagawa niya. Ito ang birthday celebrant.

Kumunot ang noo niya. Hindi naman sa pagmamalaki, pero sa loob ng halos apat na taong pagiging clown niya ay hindi pa siya nakakaranas na madedma ng isang bata. Especially since kids were easy to please.

Bumaba siya ng stage at nilapitan ang batang

seryosong nakamata sa kanya. He didn't even move a bit. He just stayed there, staring up at her. Ni hindi niya ito nakitaan ng kahit na anong reaksiyon. Not even a blink.

Aba! Sinusubukan mo ako ha?

Then an image of someone she just met flashed for an instant in her mind, ang mayabang na tinakbuhan niya kanina! Napangiwi siya sa naalala. Hindi niya dapat iniisip ang kulugong iyon dahil nakakasira lang ito ng konsentrasyon.

Walanghiyang 'yan! Mukha silang pinagbiyak na bunga!

Hindi niya naiwasang muling pasadahan ng tingin ang lugar. Halos ganoon na lamang ang kabang dumunggol sa dibdib ni Seven nang makita ang lalaking iyon na matamang nakatitig sa kanya! Sandamakmak na self-control ang ginamit niya para pilitin ang sariling umakto nang normal lalo pa't halos mabutas na ang dibdib niya dahil sa napakalakas na tibok ng puso niya.

Naalala niyang nasabi nito kanina na ito ang mayari ng bahay. Ibig bang sabihin ay kamag-anak nito ang birthday celebrant? Ibinalik niya ang tingin sa bata. Walang dudang carbon copy ito ng mayabang na lalaki. Anak kaya nito ang bata? Mabilis niyang kinastigo ang sarili nang makaramdam siya ng panghihinayang. *At para saan naman daw ang panghihinayang na 'yan aber?*

"Hello, kiddo! Happy birthday!" magiliw niyang bati sa bata. The kid remained silent and unmoved. *Sarap mong kurutin sa pisngi!* "Heeehooo! Okay, kids! Why don't we sing a happy birthday song for the celebrant? Follow me!"

Pinangunahan ni Seven ang masayang pagkanta ng birthday song na sinabayan niya ng isang sayaw na may nakakatawang dance steps. Enjoy na enjoy na ginaya siya ng mga bata. Itinaas niya ang kamay at nagtapon ng pulang tela. Para sa kanyang mga kasamahan, hudyat iyon na tapos na ang show nila.

Kahit nagtataka ay sumunod si Johnny, ang DJ nila, at itinigil ang kanta.

“Ssshhh, everybody, quiet!” Sumunod ang mga bata. “I want silence. May ibibigay akong mahiwagang birthday gift sa kanya,” aniyang sabay turo sa bata.

Iminuwestra niya ang kanang kamay na inilagay niya sa itaas ng ulo ng bata. Excited ang mga nanonood para sa susunod niyang gagawin. “Are you ready?” tanong niya sa bata.

Wala pa rin itong reaksiyon. Gustong-gusto na niyang sumimangot dahil sa kalamigang ipinapakita ng bata sa kanya. Mula sa gilid ng kanyang mga mata ay nakita niyang naglakad ang lalaki palapit sa kinaroroonan nila. *Wah!* Ayaw man niya ay aminado siyang bigla siyang nataranta. May tatlong segundo siguro siyang nawala sa huwisyo bago napansing kanina pa pala nag-aantay ang audience niya.

Nagitla si Seven nang agaw-eksenang tumabi ang lalaki sa bata bago pa man siya magsimulang magpakitang-gilas sa pagma-magic. Pumwesto ito sa mismong harapan niya. Mataman ang pagkakatitig nito sa kanya kaya mas lalo siyang nataranta. *Does he know it's me?* Nalaman na kaya nitong siya ang babaeng nais nitong ipahuli sa security kanina?

“Please go on,” nanghahalinang udyok ng lalaki sa kanya.

Napakurap si Seven. Siguro naman ay hindi siya nito nakilala. She was wearing makeup after all. Itinaas niya ang dalawang kamay at pumalampak. Sinenyasan niya si Johnny na magpatugtog ulit ng ibang kanta. Kasabay ng pagsisimula ng kanta ay ang pagsasaboy ng confetti mula sa mahiwaga niyang mga kamay.

Naghiyawan ang mga bata.

Nagpapakengkoy, nagtatalon din siya sa tuwa. Itinaas niya ang hintuturo na tila ba nagtatanong kung gusto pa ng mga ito ng isa pa. Tatango-tangong ngumiti ang mga bata. Hinipan niya ang kanang kamay, pagkunwa’y dahan-dahan niyang inilapat iyon sa kaliwang tenga ng celebrant. Mula sa likod ng tenga nito ay lumabas ang isang kulay puting rosas.

“Do you want this?” tanong niya.

Walang sumagot sa kanya, mukhang dismayado pa ang mga bata sa ipinakita niya. Tumawa siya. “Of course, you don’t. Ano’ng gusto ninyo? Lollipop?” Nagsigawan ulit sa tuwa ang mga bata. Itinaas niya ang bulaklak sa harapan ng birthday celebrant “Blow,” utos niya rito.

Pero halos limang segundo na ang lumilipas ay hindi pa rin ito kumikilos. Muli siyang pinangunutan ng noo. Nakita niya ang pagngisi ng lalaking katabi lang nito so she turned to Mr. Sungit.

“Ikaw na lang, you blow,” aniya.

He shrugged. Pero daig pa niya ang inilublob sa kumukulong magma nang bigla nitong hawakan ang kamay niyang may tangan sa puting rosas. Mabilis

niyang hinila iyon palayo kaso hindi niya nabawi ang kamay dahil humigpit ang pagkakahawak ng lalaki sa palad niya.

He slowly blew on the rose while he kept his gaze on hers.

Tinamaan na ng lintek! Hindi makakilos si Seven para palitan ng lollipop ang hawak na rosas. Nakatago iyon sa isa sa mga secret pockets ng suot niyang jumpsuit at hindi niya iyon madudukot dahil hawak ng lalaki ang kamay niya. She had to think fast! Hindi niya maaaring sirain ang show nang dahil lang sa pagpapa-cute ng mokong sa kanya!

Nagkunparang siyang hinimitay dahil sa ginawa nito. Narinig niya ang tawanan ng audience. He let go of her hand as she fell to the grass. And when he did, mabilis siyang gumulong patayo at umulan ng makukulay na lollipop sa paligid.

Success!

Naglabas siya ng pulang panyo. Iniunat niya iyon para ipakitang walang nakadikit doon o ano. Pagkatapos ay isinuksok niya iyon sa kanyang nakakuyom na kamay. “Mga bata, let’s count to three. Pagkatapos ay sabay-sabay tayong umihip ah!” Niyakap niya ang kamay. Umuklo siya para itago ang panyo sa kanyang dibdib.

One... two... three!

Naging kalapati ang panyo nang ibuka niya ang dalawang braso. Muling napuno ng palakpakan ang paligid. Kasunod niyon ay lumapit sina Joe sa kanya para buhatin siya pabalik sa stage. Bumalik ang tingin niya sa lalaki... este sa bata. Hindi pa rin nagbabago ang

ekspresyon nito.

Hindi ako papayag! Kurutin ko kaya para gumalaw naman? Hindi matanggap ng pride niya na may isang batang hindi natuwa sa magic tricks niya.

“Penge ng cake!” sigaw niya.

“Bakit?” nagtatakang tanong ni Joe.

“Susubuan ko ang may birthday. I’ll give him a super extra magical cake!”

Nakita ni Seven ang panghihilakbot sa mukha ni Joe bago ito umiling na parang sinasabing huwag na. Nagkibit-balikat siya. Siya na mismo ang kumuha ng cake mula sa mesang binabantayan ng isang waiter. Pagkatapos kumuha ng cake ay muli niyang nilapitan ang celebrant.

“You want some extra magical cake?” magiliw na alok niya sa batang bato.

“NO!” galit na sigaw nito. Napaatras siya. Sumobra yata siya pagpapakitang gilas. Biglang natahimik ang mga bisita.

“You are so boring!” Inagaw nito mula sa kanya ang cake saka iyon ibinato sa kanya. Nasapul siya sa mukha. “You eat your cake!” Binelatan siya ng bata bago ito tuluyang tumakbo palayo sa kanya.

Halos hindi makakilos si Seven habang sinusundan ng tingin ang batang biglang naging demonyo sa harapan mismo ng mga mata niya. Bigla niyang gustong mangatay ng bata!

Nakakainis! Bumuka sana ang lupa at kuhanin ang batang iyon. Tapos malunod sana siya sa putik!

Nakakahiya, pinagtatawanan na siya ng ibang mga



bata. Sanay naman siyang pinagtatawanan dahil nga sa clown siya pero mas nakadagdag sa pagkapahiya niya ang makitang pinagtatawanan din siya ng lalaking *iyon*. Noon niya napagtantong ito ang dahilan kung bakit napasobra siya sa pagpapakitang gilas kanina.

She was trying to impress him.

“Nice show,” may halong pang-aasar na anito sa kanya bago ito tuluyang tumayo at iniwan siya na namumula ang mukha sa ilalim ng makeup niya. Sinundan nito ang bata.

Nang makaalis ito ay bigla siyang kinuyog ng ibang mga bata at saka pinagbabato ng cake! Anak ng tokwa, naging trend pa ang pagbabato sa kanya ng cake!

Isinusumpa ko ang araw na napadpad pa ako sa bahay na ito! Isinusumpa ko kayong mag-ama!